Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA Region**
Community Environment and Natural Resources Office
**EL NIDO MANAGED RESOURCE PROTECTED AREA**
Calle Real, Barangay Masagana, El Nido, Palawan 5313
Contact No. Landline (048-716-0674)
Email: entmrpa@gmail.com

OCT 02 2023

DENR PENRO
PALAWAN RECORDS
RECEIVED
BY:
DATE: 10/09/2023 CN 23-9590

**Hon. ARACEL A. BACOLOD**
Punong Barangay
Barangay Bucana
El Nido, Palawan

Dear Hon. Bacolod,

Makakalikasang pagbati po.

Ito po ay may kaugnayan sa patuloy na pagtawag ng atensyon ng El Nido Managed Resource Protected Area (ENMRPA) Protected Area Management Office (PAMO) mula sa mga mamamayan kaugnay sa patuloy na operasyon ng All Terrain Vehicle (ATV) sa kabila ng mga liham-paalala mula sa amin at maging mula sa El Nido Rehabilitation Task Force.

Dahil dito, nais po namin kayong makapulong sa **ika-5 ng Oktubre, 2023 (Huwebes), ganap na ika-10 ng umaga** sa inyong barangay. Amin pong hinihiling na maimbitahan din po ang mga operators upang mabigyang linaw ang mga dati nang napag-usapan hinggil sa ruta na maaring tahakin ng mga ATV.

Amin din pong hinihiling sa tulong ng inyong barangay na **ganap na pahintuin ang operasyon ng mga ATV sa aplaya** habang hindi naiisa-pinal ang alternatibong ruta.

Bagamat ang aktibidad na ito ay masaya para sa mga turista, nais din po naming ipaalala na ang aplaya ng Nacpan beach ay tahanan at pangitlugan ng mga pawikan na ating pinangangalagaan sa ilalim ng mga umiiral na batas pangkalikasan. Bilang mga taga El Nido, batid po natin ang responsibilidad natin sa kalikasan na ating pinagkukunan ng ikinabubuhay sa araw-araw na sya ring nagdadala ng mga turista na ating tinatanggap. Dahil dito, inaasahan po namin na kayo ay patuloy naming katuwang sa pangangalaga ng likas yaman sa inyong barangay.

Inaasahan po namin ang inyong patuloy na pakikiisa at kooperasyon.

DENR - PAO
ENTMRPA,
Elnido, Palawan
RELEASED
By:
Date: 10-02-2023
C.N.: 0053

Lubos na gumagalang,

**MILDRED A. SUZA**
Protected Area Superintendent

Binigyang sipi:

The Regional Executive Director, DENR MIMAROPA
The PENRO, Palawan
The CENRO, Taytay, Palawan
The Municipal Mayor, El Nido, Palawan
File